

# TANONG-SAGOT TUNGKOL SA DOLE - AKAP

## **Ano ang DOLE-AKAP Program?**

Ito ang Financial Assistance program na inilunsad ng Philippine Department of Labor and Employment (DOLE) para sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs) na nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19.

## **Ano ang layunin ng DOLE-AKAP Program?**

Ang DOLE-AKAP Program ay alinsunod sa **Bayanihan to Heal as One Act** ng ating pamahalaan. Ang pangunahing layunin nito ay magbigay ng pinansyal na ayuda sa mga OFWs sa iba't ibang bansa na nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19. Bibigyan ng prioridad ang mga OFWs na higit na nangangailangan dahil sa kawalan ng tulong mula kanilang employer o sa pamahalaan ng bansang pinagtrabahuan.

## **Magkano ang makukuhang financial assistance?**

Ang mga covered at eligible OFWs ay makakatanggap ng one-time financial assistance sa halagang **200USD** o ang katumbas nito sa Euros.

## **Sino ang mga OFWs na covered ng DOLE-AKAP Program?**

Landbased or seabased workers na:

- *documented o regular* - ibig sabihin nito, na-process/na-verify ng POEA/POLO ang employment contract ng worker;
- *O dating documented worker na naging undocumented worker* (dating na-process/na-verify ng POEA/POLO ang kanyang employment contract);
- *O worker na hindi na-process/na-verify ng POEA/POLO ang kanyang kontrata subalit gumawa ng aksyon upang ma-regularize ang kanyang kontrata o status sa bansang pinatrabahuan;*
- *O undocumented worker na active OWWA member* sa oras ng pag-apply sa DOLE-AKAP Program

## **Sino ang qualified na mag-apply para sa DOLE-AKAP?**

- dapat nawalan ng trabaho dahil sa lockdown, community quarantine o iba pang dahilan na sanhi ng COVID-19;
- dapat nasa jobsite; o nasa Pilipinas bilang Balik-Manggagawa at hindi nakabalik sa jobsite dahil sa COVID-19; o na-repatriate sa Pilipinas dahil sa COVID-19; at
- dapat hindi nakakatanggap ng suweldo o suportang pinansyal mula sa employer; o hindi qualified makatanggap ng ayuda dahil sa COVID-19 mula sa pamahalaan ng pinagtatrabahunag bansa;
- dapat hindi nakatanggap ng OWWA financial assistance para sa mga nagpositibo sa COVID-19.

## **Anu-anong mga bansa ang makakabenepisyo sa DOLE-AKAP?**

Ang mga covered at qualified OFWs lamang na mula sa mga Priority Countries na labis na naapektuhan ng COVID-19 ang maaring makatanggap ng financial assistance. Ang Germany, Belgium, Luxembourg, The Netherlands at Russia ay mga na-identify na Priority Countries na saklaw ng POLO Berlin.

### ***Paano mag-apply ng financial assistance sa ilalim ng DOLE-AKAP?***

Maaring mag-apply ONLINE ang OFW sa link na ito:

<https://forms.gle/vGd3Kwese1fVMDJPA>

### ***Paano mag-apply ng financial assistance ang OFW na nasa Pilipinas?***

Maaring mag-apply ang mga OFWs na nasa Pilipinas (bilang Balik-Manggagawa at hindi nakabalik sa jobsite dahil sa COVID-19; or na-repatriate sa Pilipinas ng employer dahil sa COVID-19) sa pinakamalapit na OWWA Regional Office.

Bisitahin lamang ang website na [www.dole-akap.owwa.gov.ph](http://www.dole-akap.owwa.gov.ph) upang malaman and mga hakbang para sa proseso ng pag-aapply.

### ***Anu-ano ang mga dokumentong kailangang isumite sa POLO Berlin para mag-apply?***

Dapat isumite ONLINE kasabay sa pag-fill in ng APPLICATION ONLINE ang mga sumusunod na dokumento:

1. Kopya ng valid passport;
2. Kopya ng work permit o visa o permit to stay, kung documented OFW.
3. Katunayan ng pagkawala ng trabaho tulad ng notice of termination o certification mula sa employer, atbp.

### ***Pagka-sumite ng online application, paano malalaman ng aplikante na natanggap ang application niya?***

Makakatanggap ang aplikante ng notice sa kanilang email na natanggap na ng POLO Berlin ang kanyang application at sisimulan nang i-evaluate/i-process ang mga impormasyon at dokumentong isinumite.

PAALAALA: Siguraduhing valid email address ang inilagay sa application form upang makatanggap ng e-mail confirmation of receipt of application at iba pang komunikasyon ukol sa estado ng inyong application.

### ***Gaano katagal ang pag-proseso ng application?***

Mula sa pagkatanggap ng application, sisimulan na ang pag-evaluate nito at kapag kumpleto at tama ang mga dokumento, ipo-process na ang application. Maaring tawagan ng POLO ang aplikante upang i-validate ang mga impormasyon at dokumentong isinumite. Ang buong proseso ay maaring umabot ng 10 working days.

### ***Lahat ba ng mag-apply ay automatic na makakatanggap ng 200USD financial assistance?***

Ang mga covered at qualified OFWs lamang ang makakatanggap ng financial assistance.

Higit sa lahat, ang pagbigay ng financial assistance ay nakasalalay sa availability ng pondo.

***(Kung mayroon pang karagdagang katanungan, mangyaring mag-email po sa [polo.berlinakap@gmail.com](mailto:polo.berlinakap@gmail.com))***